

Bukas ang mga nominasyon para sa pinakamataas na karangalan sa Alberta

Enero 5, 2023

Hinihikayat ang mga Albertan na magmungkahi ng mga kahanga-hangang mamamayan, mga pinuno at innovator para sa pagiging miyembro sa Order ng Kahusayan ng Alberta (Alberta Order of Excellence).

Hanggang sa 10 mga indibidwal ang ilalagay sa Order ngayong taon bilang pagkilala sa mga kahanga-hangang kontribusyon sa kanilang komunidad, lalawigan at higit pa.

Ang mga nominasyon ay tinatanggap sa buong taon ngunit dapat matanggap bago ang Pebrero 15 upang maisaalang-alang para sa investiture ngayong taon. Ang mga nominasyon na hindi napili noong 2023 ay isasaalang-alang hanggang sa tatlong taon.

Ang mga nominado ay dapat na mga mamamayan ng Canada na kasalukuyang naninirahan sa Alberta at, kung mapili, dapat na makadalo sa seremonya ng investiture. Hindi maaaring imungkahi ng mga tao ang kanilang sarili, ang kanilang asawa o isang miyembro ng kanilang malapit na pamilya.

Ang impormasyon tungkol sa Order, kabilang ang mga alituntunin sa nominasyon, mga pormularyo ng nominasyon at talambuhay ng mga nakaraang inductee ay makukuha sa [Alberta Order of Excellence](#) na website.

Kaugnay na impormasyon

[Order ng Kahusayan ng \(Alberta Order of Excellence\)](#)

Mga katanungan sa media

Gary G. Mar
mar@cwf.ca
587-897-3311
Chair,
Alberta Order of Excellence Council

Gayle Stannard
gaylest@telus.net
780-953-4020
Ehekutibong Direktor,
Order ng Kahusayan ng Alberta
(Alberta Order of Excellence)